UTLA UNITED TEACHERS LOS ANGELES

PINAHAHALAGAHAN NG MGA GURO NG UTLA ANG LIGTAS NA PALIGID SA PAG-AARAL

Mahalaga sa mga guro ang ligtas na paligid sa pag-aaral dahil ipinapakita sa pananaliksik na kapag ramdam ng mga mag-aaral na sila ay pisikal at emosyonal na ligtas, mas natututo at nakikibahagi ang mga mag-aaral sa kanilang silid-aralan. Sinusuportahan ng United Teachers Los Angeles ang aming mga mag-aaral at kanilang mga pamilya. Ang impormasyon sa booklet na ito ay para ipaalam sa mga pamilya at mga mag-aaral ang tungkol sa kanilang mga karapatan kung ang pagpapatupad ng imigrasyon – o pagtangkang pagpapatupad – ay maganap sa mga paaralan, sa kanilang kapitbahayan, o sa mismo nilang tahanan..

SA PAARALAN

Ang LAUSD ay isang Sanctuary District at Safe Zone para sa Mga Pamilya· Bilang isang sanctuary school district, ang LAUSD ay may mga patakaran nang sa ganoon ay dapat na tangkain ng mga prinsipal at nakatalaga na maiwasan o paghigpitan ang pagpapatupad ng imigrasyon sa kampus, at ipinagbabawal sa patakaran ng LAUSD ang boluntaryong pakikipagtulungan sa mga ahente ng imigrasyon. Kung ang isang ahente ng imigrasyon ay magtangkang pumasok sa kampus ng paaralan, dapat sundin ng prinsipal o nakatalaga ang patakaran ng District upang matukoy kung kinakailangan ng District na sumunod sa warrant, subpoena, o utos ng korte sa pamamagitan ng pagkontak sa Region Administrator of Operations para sa iba pang pagproseso at panuto, maliban kung may pangyayaring nangangailangan ng agarang aksiyon. Ang mga ahente ng imigrasyon ay hindi dapat magkaroon ng libreng access sa mga rekord ng mag-aaral o sa mga kampus ng paaralan. Dagdag pa, ang pulisya ng kampus ng paaralan ay "...walang awtoridad na magpatupad ng pederal na batas sa imigrasyong sibil". Bagaman hindi dapat pahintulutan ng kawani ng paaralan ang pag-access ng isang opisyal sa pagpapatupad ng imigrasyon maliban sa deklarasyon ng mga pangyayaring nangangailangan ng agarang aksiyon, ang kawani ng paaralan ay hindi dapat magtangkang pisikal na hadlangan ang opisyal, kahit na ang opisyal ay lumalabas na lumalampas sa awtorisasyong ibinigay sa ilalim ng warrant o iba pang dokumento.

Bilang paalala, ang mga bata, anuman ang kanilang status ng imigrasyon, ay may karapatan sa libreng pampublikong edukasyon *(Plyer v. Doe)* at may karapatan sa ligtas na paligid sa pag-aaral. Kapag ang mga bata ay naroon sa mga gusali ng paaralan, ang paaralan ang responsable sa kanilang pangangalaga sa halip na ang kanilang mga magulang, na kilala rin bilang **katungkulan sa pangangalaga** (*Geyer v. Downs at Rodriguez v. Inglewood Unified School Dist.*)

CA. Pen. Code § 626
Ang "safe school zone" ay nangangahulugang paligid na sinasaklaw ang anumang sumusunod na lugar sa panahon ng regular na oras ng eskuwela o sa loob ng 60 minuto bago o pagkatapos ng araw ng eskuwela o 60 minuto bago o pagkatapos ng aktibidad na inisponsor ng paaralan sa pook ng paaralan:
(A) Nasa loob ng 100 talampakan ng hintuan ng bus, hintuan ng pampublikong pampasaherong bus man o hindi, na pampublikong itinalaga ng school district bilang isang hintuan ng pampaaralang bus. Inaaplay lamang ang kahulugang ito kung pinili ng school district na markahan ang hintuan ng bus bilang isang hintuan ng pampaaralang bus
(B) Nasa loob ng 1,500 talampakan ng paaralan, ayon sa itinalaga ng school district

Maaari bang magsagawa ng mga raid sa paaralan ang mga opisyal ng imigrasyon o lokal na tagapagpatupad ng batas na umaaktong mga opisyal ng imigrasyon?

- Walang batas na nag-oobliga sa isang pampublikong paaralan na tumulong sa mga opisyal ng imigrasyon sa isang kilos ng pagpapatupad, kabilang ang ngunit hindi limitado sa pagsikap na salain ang mga mag-aaral sa isang paaralan upang matukoy kung sino man ang walang dokumento.
- Binawi ng administrasyong Trump ang patakaran na nangangailangan ng ICE para maiwasan ang pagsasagawa ng mga aktibidad sa pagpapatupad ng imigrasyon sa mga sensitibo/protektadong lugar, kabilang ang mga paaralan. Ang pagbabago sa panloob na direktiba ng ICE ay hindi nagbabago sa patakaran sa santuwaryo ng LAUSD sa ngayon. Ang estado ng California, ang county ng LA, ang lungsod ng LA, at LAUSD ay nagpasa ng mga batas at patakaran para protektahanang komunidad ng imigrante.

Anong kapangyarihan ang taglay ng LAUSD kung humiling ang pamahalaang pederal ng impormasyon tungkol sa isang mag-aaral o magulang para sa kadahilanan ng pagpapatupad ng imigrasyon?

- Sa pangkalahatan, inoobliga ng Family Education Rights and Privacy Act ng 1974 (FERPA) ang mga paaralan na huwag magbigay ng impormasyon na maaaring magtukoy ng mga mag-aaral sa mga third party, kabilang ang mga pederal na opisyal ng imigrasyon.
- Gayundin, ipinagbabawal ng FERPA sa mga paaralan ang paghahayag ng impormasyong personal na nakapagpapakilala sa rekord ng edukasyon ng mag-aaral nang walang pahintulot ng magulang o subpoena. Kahit na magpakita pa ng subpoena, dapat na sumangguni ang mga tauhan ng LAUSD sa Region Administrator of Operations and LAUSD Office of the General Counsel upang matiyak ang katotohanan at bisa ng subpoena bago maghayag ng anumang impormasyon.
- Ang mga paaralan ay hindi kailangan at hindi dapat na magtanong tungkol sa o magtago ng mga rekord sa status ng imigrasyon ng mga mag-aaral at/o mga miyembro ng kanilang pamilya.

UTLA EDUCATORS ARE INVESTED IN SAFE LEARNING ENVIRONMENTS

Educators care about safe learning environments because research shows that when students feel physically and emotionally secure, students learn and participate more in their classrooms. United Teachers Los Angeles stands with our students and their families. The information in this booklet is to inform families and students about their rights if immigration enforcement – or attempted enforcement – occurs in schools, in their neighborhoods, or at their home doorsteps.

AT SCHOOL

LAUSD is a Sanctuary District and Safe Zone for Families[1]. As a sanctuary school district, LAUSD has policies such that principals and designees must attempt to prevent or restrict immigration enforcement on campus, and LAUSD policy prohibits voluntarily working with immigration agents.[2] If an immigration agent were to attempt to enter the school campus, a principal or designee must follow District policy to determine whether the District needs to comply with the warrant, subpoena, or court order by contacting the Region Administrator of Operations for further processing and instruction, unless there is an exigent circumstance[3]. Immigration agents cannot have unfettered access to student records or the school campuses. Additionally, school campus police "...have no authority to enforce federal civil immigration law"[4]. Although school staff should not consent to access by an immigration enforcement officer except for a declaration of exigent circumstances, school staff should not attempt to physically impede the officer, even if the officer appears to be exceeding the authorization given under a warrant or other document.

As a reminder, children, regardless of immigration status, have the right to a free public education *(Plyer v. Doe)* and have a right to a safe learning environment. When children are present in school buildings, the school is responsible for their care in place of their parents, also known as **duty of care** *(Geyer v. Downs & Rodriguez v. Inglewood Unified School Dist.)*

CA. Pen. Code § 626
"Safe school zone" means an area that encompasses any of the following places during regular school hours or within 60 minutes before or after the school day or 60 minutes before or after a school-sponsored activity at the school site:
(A) Within 100 feet of a bus stop, whether or not a public transit bus stop, that has been publicly designated by the school district as a school bus stop. This definition applies only if the school district has chosen to mark the bus stop as a school bus stop
(B) Within 1,500 feet of a school, as designated by the school district

Can immigration officials or local law enforcement acting as immigration officials conduct raids at schools?

- There is no law that obligates a public school to assist immigration officials in an enforcement action, including but not limited to an effort to screen students at a school to identify who may be undocumented.[5]
- At present, federal immigration policy is to avoid conducting immigration enforcement activities in sensitive/protected areas, including schools, under most circumstances.

What power does LAUSD have if the federal government requests information about a student or parent for the purposes of immigration enforcement?

- In general, the Family Education Rights and Privacy Act of 1974 (FERPA) requires that schools withhold information that could identify students to third parties, including federal immigration officials. [5]
- Furthermore, FERPA prohibits schools from disclosing personally identifiable information in a student's education records without parental consent or a subpoena. Even if presented with a subpoena, LAUSD personnel should consult with the Region Administrator of Operations and LAUSD Office of the General Counsel to determine the validity and enforceability of the subpoena before disclosing any information. [5]
- Schools do not need to and should not inquire about or keep records on the immigration status of students and/or their family members. [5]

1 Reaffirmation that Los Angeles Unified School District Will Be a Sanctuary District and Safe Zone for Families Threatened by Immigration Enforcement (Res-034-24/25) https://www.lausd.org/cms/lib/CA01000043/Centricity/Domain/1057/Tab%2039%20-%20Res%20034.pdf

2 LAUSD as Safe Zones and Resource Centers, REF 6767.3.

3 Exigent circumstances include: National security/terrorism, imminent risk of death/violence or harm to any person, fresh pursuit of dangerous felon, protection of evidence in a criminal case.

4 Reaffirmation of Los Angeles Unified School District Schools as Safe Zones for Families Threatened by Immigration Enforcement (Res-093-16/17) https://www.lausd.org/cms/lib/CA01000043/Centricity/domain/818/pdfs/resolutions/Reaffirming%20Safe%20Zones%20Resolution.pdf

5 Fair Immigration Reform Movement https://unidosus.org/wp-content/uploads/2021/07/firm_resourcesforeducators.pdf

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN KAPAG NAHAHARAP SA IMMIGRATION AND CUSTOMS ENFORCEMENT (ICE)

Ang mga indibidwal na may dokumento at walang dokumento ay may mga karapatan sa bansang ito. Kung naaangkop sa iyong kalagayan, ibahagi ito sa iyong pamilya (kabilang ang mga bata) at mga miyembro ng sambahayan. Ibahagi ito sa maraming tao sa loob ng iyong komunidad upang masiguro na alam ng lahat ang kanilang mga karapatan kapag nilapitan ng mga opisyal ng imigrasyon, tulad ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) o Homeland Security Investigations (HSI), o kung pumunta sila sa iyong tahanan.

SA IYONG KAPITBAHAYAN O SA TAHANAN

ICE SA IYONG PINTUAN

Huwag buksan ang pinto para sa ICE o sinumang opisyal sa pagpapatupad maliban kung magpakita sila ng isang warrant, na pinirmahan ng isang hukom, na tinutukoy ang iyong pangalan at ang tirahan na iyon. Maaari nilang ilagay ang warrant sa ilalim ng pinto, o ipakita ito sa bintana. Kung ang ICE o ang opisyal sa pagpapatupad ay wala nito, hindi mo kailangang buksan ang pinto. **Kapag binuksan mo ang pinto, may posibilidad na mawalan ka ng ilang partikular na mga karapatan.**

KUNG PINATIGIL O TINANONG NG ICE

Hindi mo kailangang makipag-usap sa ICE o sagutin ang kanilang katanungan. **May karapatan kang manahimik.** Maaari kang tumangging makipag-usap sa isang ahente ng ICE. Huwag sagutin ang anumang katanungan, lalo na ang tungkol sa iyong lugar ng kapanganakan, status ng imigrasyon, o paano ka nakapasok sa Estados Unidos. Huwag kang magbigay sa kanila ng anumang personal na impormasyon tungkol sa iyong sarili o sinuman sa iyong pamilya. Sabihin mong gusto mong manahimik hanggang sa may makausap kang isang abogado. Sanayin ang iyong mga anak at iba pa sa iyong pamilya na magsabi ng “Hindi” sa ICE.

May karapatan kang tumangging pumirma sa anuman bago ka makipag-usap sa isang abogado. Ang pagtangging pumirma sa anuman ay maaaring magpataas sa iyong tsansa na makatanggap ng pantay na pagtrato. Ang pagpirma sa anuman ay maaaring magresulta sa pagsuko ng iyong mga karapatan.

Humiling na makipag-usap sa isang abogado at maharap sa hukom ng imigrasyon. Ikaw ay may karapatang makipag-usap sa isang abogado at karapatang gumawa ng tawag sa telepono. Siguraduhing dala mo o isaulo ang numero ng telepono ng isang abogado sa imigrasyon o emergency contact.

MGA DOKUMENTONG DAPAT AT HINDI DAPAT NA DALA MO:

- Sa lahat ng pagkakataon, magdala ng kard sa Pag-alam ng Iyong Mga Karapatan upang magamit mo ang iyong karapatang manahimik sakaling patigilin o sitahin ka ng ICE o mga opisyal ng pulisya.
- Sa lahat ng pagkakataon, magdala ng numero ng telepono ng isang abogado sa imigrasyon, manananggol, o nonprofit na tagapagbigay ng mga serbisyong legal sa imigrasyon na tatawagan mo sa isang emergency.
- Huwag magdala ng anumang dokumentasyon tungkol sa iyong bansang pinanggalingan.
- Huwag magdala ng anumang mga huwad na dokumento sa pagkakakilanlan o mga huwad na dokumento sa imigrasyon tulad ng isang huwad na kard ng Social Security Number.

NASA LIKOD ANG KARD SA PAG-ALAM NG IYONG MGA KARAPATAN
KNOW YOUR RIGHTS CARD ON THE BACK

Para sa iba pang impormasyon
For more information

KNOW YOUR RIGHTS WHEN FACING IMMIGRATION AND CUSTOMS ENFORCEMENT (ICE)

Documented and undocumented individuals have rights in this country. If applicable to your situation, share this with your family (including children) and household members. Share it widely within your community to ensure everyone knows their rights when approached by immigration officials, such as Immigration and Customs Enforcement (ICE) or Homeland Security Investigations (HSI), or if they come to your home.

IN YOUR NEIGHBORHOOD OR AT HOME

ICE AT YOUR DOOR

Do not open the door for ICE or any enforcement officer unless they present a warrant, signed by a judge, identifying your name and that address. They can slide the warrant under the door, or present it through a window. If ICE or the enforcement officer does not have this, then you do not have to open the door. **Once you open the door, you risk losing certain rights.**

IF STOPPED OR QUESTIONED BY ICE

You do not have to talk to ICE or answer their questions. **You have the right to remain silent.** You can refuse to speak to an ICE agent. Do not answer any questions, especially about your birthplace, immigration status, or how you entered the United States. Do not give them any personal information about yourself or anyone in your family. Say that you want to remain silent until you speak with a lawyer. Have your children and others in your family practice saying "No" to ICE.

You have the right to refuse to sign anything before you talk to a lawyer. Refusing to sign anything may increase your chances of receiving due process. Signing anything may result in giving up your rights.

Ask to speak with a lawyer and to go before the immigration judge. You have the right to speak to a lawyer and the right to make a phone call. Make sure to carry with you or memorize the phone number for an immigration lawyer or emergency contact.

DOCUMENTS YOU SHOULD AND SHOULD NOT CARRY WITH YOU:

- At all times, carry a Know Your Rights card to exercise your right to remain silent in case you are stopped or interrogated by ICE or police officers.
- At all times, carry the telephone number of an immigration lawyer, advocate, or nonprofit immigration legal services provider you will call in an emergency.
- Do not carry any documentation about your country of origin.
- Do not carry any false identity documents or false immigration documents such as a false Social Security Number card.

KNOW YOUR RIGHTS CARD

- I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents, based on my 5th Amendment rights under the United States Constitution.
- I do not give you permission to enter my home based on my 4th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name and address on it that you slide under the door.
- I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4th Amendment rights.
- I choose to exercise my constitutional rights.

KARD SA PAG-ALAM NG IYONG MGA KARAPATAN

- Hindi ko nais na makipag-usap sa iyo, sagutin ang iyong katanungan, o pumirma o bigyan ka ng anumang mga dokumento, batay sa aking mga karapatan sa 5th Amendment sa ilalim ng Konstitusyon ng Estados Unidos.
- Hindi kita binibigyan ng pahintulot na pumasok sa aking tahanan batay sa aking mga karapatan sa 4th Amendment sa ilalim ng Konstitusyon ng Estados Unidos maliban kung mayroon kang warrant na pumasok, na pinirmahan ng isang hukom o mahistrado na may nakalagay na pangalan at tirahan ko, na inilagay mo sa ilalim ng pinto.
- Hindi kita binibigyan ng pahintulot na maghalungkat sa anumang pag-aari ko batay sa aking mga karapatan sa 4th Amendment.
- Desisyon kong gamitin ang aking mga konstitusyonal na karapatan.